


Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN IV



MODYUL 7

ANG PAMILIHAN AT ISTRUKTURA NITO



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City



MODYUL 7

ANG PAMILIHAN AT ISTRUKTURA NITO



Kung iyong matatandaan, nabinggit sa mga naunang modyul na ang tatlong pundamental na tanong na sinasagot ng ekonomiks ay (1) Ano at gaano karami ang mga produkto at serbisyo na ipoprodyus o lilikhain, (2) paano ipoprodyus ang mga produkto at serbisyo, at (3) para kanino ang mga produkto at serbisyon ipoprodyus? Sino nga ba ang nagdedesisyon sa mga problemang ito sa isang ekonomiyang gaya ng sa Pilipinas? Ang karaniwang tugon sa katanungang ito ay: sa pamamagitan ng pamahalaan. Hindi naman ito lubusang mali. Nagdedesisyon nga ang pamahalaan lalo na sa pagtugon ng mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan. Ngunit hindi lubusang naididikta nito ang pagtakbo ng kabuuan ng ating ekonomiya. Ang pamahalaan at ang mga kilos nito ay isa lamang sa mga salik na nakakaapekto sa ating ekonomiya. Hindi lamang isang indibidwal, organisasyon, o pamahalaan ang responsable sa pagsagot ng mga pundamental na tanong sa ekonomiks. Sa isang bansang gaya ng Pilipinas, ang karamihan ng desisyong ekonomik ay ginagawa sa pamamagitan ng pamilihan. Ito ang tatalakayin ng modyul na ito.



May tatlong araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:



Aralin 1: Ang Konsepto ng Pamilihan



Aralin 2: Paano Sinasagot ng Pamilihan ang Tatlong Pundamental na Tanong sa Ekonomiks



Aralin 3: Iba't ibang Istrukturang Pamilihan



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang kahulugan ng pamilihan;
2. Masasagot ang tatlong pundamental na tanong ng ekonomiks mula sa perspektibo ng pamilihan;
3. Masusuri ang katangian ng iba't ibang istruktura ng pamilihan; at

4. Mapaghahambing ang iba't ibang istruktura ng pamilihan.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.



PANIMULANG PAGSUSULIT:

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Isang mekanismo, na ngayon ay itinuturing nang isang lugar, ng interaksyon ng mamimili at nagbebenta upang magtakda ng presyo at magpalitan ng produkto at serbisyo.
 - A. Ospital
 - B. Pamilihan
 - C. Pamahalaan
 - D. *Mall*

2. Pamilihang libu-libo ang mamimili at nagtitinda ng produkto:
 - A. Perpektong Kompetisyon
 - B. Monopolyo
 - C. Monopolistikong Kompetisyon
 - D. Oligopolyo

3. Halaga ng isang produkto sa pera:
 - A. Buwis.
 - B. Presyo.
 - C. Pamasaha.
 - D. Bayad.

4. Ang kita ay:
 - A. diperensya sa pagitan ng kabuuang benta at ng puhunan sa isang negosyo.
 - B. produktong hindi naipoprodyus nang sapat sa malayang pamilihan at madalas na ipinagkakaloob ng pamahalaan.
 - C. satsipaksyon na nakukuha ng mga konsyumer mula sa pagkonsumo nila ng mga produkto at serbisyo.
 - D. pinakamataas na halaga na nais ibayad ng mga mamimimili para sa partikular na dami ng produkto o serbisyo.

5. Pamilihang may iilang suplayer o tagapagprodyus lamang:
 - A. Perpektong kompetisyon
 - B. Monopolyo
 - C. Monopolistikong kompetisyon
 - D. Oligopolyo

6. Ang industriyang may iisang prodyuser lamang ng produkto o serbisyo na walang malapit na kapalit at ang pagpasok ng mga potensyal na kakompetisyon ay lubhang mahirap:
- A. Monopolyo
 - B. Oligopolyo
 - C. Perpektong kompetisyon
 - D. Monopolistikong kompetisyon
7. Ang uri ng kumpanya na karaniwang may monopolyo sa pamilihan ay:
- A. taga-suplay ng kuryente.
 - B. tagagawa ng kotse.
 - C. kumpanyang paliparan.
 - D. malakihang establisimiyentong nagtitingi.
8. Istruktura ng pamilihan na inilalarawan ng kawalan ng kontrol sa presyo ng mga nagbebenta, maraming magkatulad ngunit pinag-ibang produkto dahil sa tatak, at malayang nakapapasok o nakalalabas ang mga nagbebenta sa industriya:
- A. Perpektong kompetisyon
 - B. Monopolyo
 - C. Monopolistikong kompetisyon
 - D. Oligopolyo
9. Kung mga identikal na produkto lamang ang ipinagbibili sa pamilihan, ang pamilihing nabanggit ay isang:
- A. monopolyo.
 - B. perpektong kompetisyon.
 - C. monopolistikong kompetisyon.
 - D. oligopolyo.
10. Ang katumbas ng oligopsonyo ay ang:
- A. monopolyo.
 - B. perpektong kompetisyon.
 - C. monopolistikong kompetisyon.
 - D. oligopolyo.

11. Ang katumbas ng monopsonyo ay:
- A. monopolyo.
 - B. perpektong kompetisyon.
 - C. monopolistikong kompetisyon.
 - D. oligopolyo.
12. Ang pamilihang may kartel ay katangian ng isang:
- A. monopolyo.
 - B. perpektong kompetisyon.
 - C. monopolistikong kompetisyon.
 - D. oligopolyo.
13. Ang uri ng pamilihan na may iisa lamang na mamimili:
- A. Monopsonyo
 - B. Oligopsonyo
 - C. Monopsonistikong kompetisyon
 - D. Perpektong kompetisyon
14. Ang pagbebenta ng kuryente ng MERALCO lamang ay hainbawa ng isang
- A. monopolyo.
 - B. oligopolyo.
 - C. monopolistikong kompetisyon.
 - D. perpektong kompetisyon.
15. Ang mga kalahok sa isang pamilihang may perpektong kompetisyon ay gumagamit ng *advertising* o pag-aanunsyo bilang istrategiya ng pagbebenta. May impluwensya ba ang pag-aanunsyo sa epektibong pagbebenta?
- A. Mayroon dahil sa pinag-iba ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan.
 - B. Mayroon dahil sa identikal ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan.
 - C. Wala dahil sa pinag-iba ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan.
 - D. Wala dahil sa identikal ang mga produkto sa ganitong uri ng pamilihan.

16. Kapag mababa ang sahod ng isang indibidwal, ito ay dahil siya ay isang tamad.
- A. Tama, dahil ang sahod ay repleksyon ng kung paano isinasagawa ng isang manggawa ang kanyang trabaho.
 - B. Tama, dahil pare-pareho naman ang sahod ng mga manggagawa sa pamilihan.
 - C. Mali, dahil ang sahod ay batay sa demand para isang partikular na kasanayan, kalidad ng pinag-aralan, at iba pang konsiderasyon.
 - D. Mali, dahil ang mayayaman lamang ang binibigyan ng malaking sahod.
17. Ang katumbas ng monopsonistikong kompetisyon sa panig ng suplay ay:
- A. monopolyo.
 - B. oligopolyo.
 - C. monopolistikong kompetisyon.
 - D. perpektong kompetisyon.
18. Ang Shell, Petron, at Caltex ay mga kalahok sa pamilihang
- A. monopolyo.
 - B. oligopolyo.
 - C. monopolistikong kompetisyon.
 - D. perpektong kompetisyon.
19. Madaling pumasok sa pamilihang may perpektong kompetisyon dahil
- A. Walang nagdodominang kompetitor.
 - B. Walang pinag-iba ang produkto na isinusuplay ng isang suplayer sa produktong isinusuplay ng isa pang suplayer sa iisang industriya.
 - C. Hindi malaki ang kapital na kailangan.
 - D. A, B at C.
20. Ang istruktura ng pamilihan ay ibinabatay sa
- A. dami at digri ng kontrol ng bawat indibidwal na kalahok sa pamilihan.
 - B. pag-aanunsyo o hindi pag-aanunsyo ng produkto.
 - C. A at B.
 - D. wala sa pagpipilian ang sagot.

ARALIN 1 ANG KONSEPTO NG PAMILIHAN



Nagtataka ka ba kung paanong ang milyung-milyong produkto at serbisyo ay nakararating sa iyo at sa iba pang tao? Anong mekanismo ang gumagana upang mangyari ito? Iyan ang pangunahing problemang bibigyang-pansin ng araling ito.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipaliliwanag ang konsepto ng pamilihan; at
2. Mailalahad ang sariling opinion hinggil sa kahalagahan o kawalang-halaga nito.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Magpunta ka sa pinakamalapit na tindahan sa inyong bahay. Tanungin mo ang may-ari ng tindahan kung paano, sa tingin nya, nakarating ang mga produktong kanyang ibinebenta mula sa prodyuser ng produkto papunta sa kanyang mga mamimili. Hlimbawa, alamin kung paano, sa tingin niya, napunta sa iyo ang kending binili mo noong isang araw mula sa prodyuser nito. Itala ang kanyang mga sagot sa iyong kwaderno. Pagkatapos nito ay basahin at pag-aralan mo ang susunod na bahagi ng araling ito, at tingnan kung may pagkakahawig ang sagot niya sa paliwanag na mababasa mo sa araling ito.

Ang Pamilihan

Ang pamilihan o merkado ay hindi lamang tumutukoy sa isang tindahan o lugar na pinagdarausan ng bilihan ng kalakal. Ito ay isang mekanismo ng interaksyon ng mamimili (konsyumer) at nagbibili (prodyuser o suplayer) upang magtakda ng presyo habang nagpapalitan ng mga produkto at serbisyo. Nagkaroon lamang ito ng konotasyon na isang lugar dahil sa may mga lugar na karaniwang pinagdarausan ng gayong mga transaksyon at interaksyon, tulad ng palengke, tiyangge o *mall* sa inyong

mayan. Ngunit maaaring magkaroon pa rin ng pamilihan kahit hindi ito sa palengke o *mall*. Kung may interaksyon sa pagitan ng namimili at nagbibili, at nagkakaroon ng bilihan ng produkto at serbisyo sa alinmang lugar, iyon ay tinatawag na pamilihan.

Sa isang sistemang pamilihan, ang lahat ay may **presyo**. Ang **presyo** ang tumatayong halaga ng produkto sa pera. Noong panahon na barter pa ang sistema, puwede mong ipalit ang isang produkto o serbisyo sa ibang produkto o serbisyo din. Halimbawa, ang isang timbang o dami ng mangga ay ipapalit sa parehong timbang o dami ng ibang produkto, tulad halimbawa ng bigas. Senyales din ang **presyo** ng kasunduan sa pagitan ng mga mamimili at nagbibili. Halimbawa kapag bumili ka ng isang bolpen na nagkakahalaga ng limang piso, ibig sabihin nito ay nagkasundo ka at ang tinderong iyong binilhan na ang halaga sa iyo ng nasabing bolpen ay limang piso at gayun din sa kanya. Itinakda ng pamilihan ng bolpen ang halaga nito, at sa pamamagitan ng boluntaryong kasunduan, napunta sa iyo ang bolpen.

Ang **presyo** din ang nagsisilbing hudyat o senyales sa mga prodyuser at konsyumer kung ano ang mas mabili sa pamilihan. Kung nais ng mga konsyumer ng higit na marami pang bilang ng isang produkto at serbisyo, ang presyo nito ay tataas. Ito ay senyales sa mga prodyuser na higit na maraming suplay ang kailangan. Kapag nagkaroon ng matinding sakit ang mga manok, bababa ang suplay nito at tataas ang presyo ng *Chicken Joy* sa mga karinderya. Dahil sa mataas na presyo, ang mga nag-aalaga ng manok ay mahihikayat na damihan ang produksyon ng manok. Bilang pagtugon din sa mataas na presyo ng manok, ang mga konsyumer naman ay mahihikayat na maghanap ng ibang pagkain na maaaring ipalit dito tulad ng baboy o isda.

Ang pagtaas o pagbaba ng presyo sa pamilihan ng mga produkto ay nasusunod din sa pamilihan ng mga salik ng produksyon gaya ng lupa at paggawa (*labor*). Kung higit na maraming magsasaka ang kailangan upang magtanim at umani ng palay, ang presyo o sahod ng mga magsasaka ay tataas. Ang pagtaas na ito ng sahod ay hihikayat sa iba pang tao na magsaka rin.

Ang presyo ang nagsisilbing batayan ng mga desisyon ng mga mamimimili (konsyumer) at nagbibili (suplayer o prodyuser) sa isang pamilihan. Ang mas mataas na presyo ang nagiging dahilan ng pagbaba ng dami ng produktong binibili ng konsyumer, subalit humihikayat naman sa prodyuser upang paramihin ang

produksyon. Ang mas mabababa namang presyo ay maghihikayat ng pagkonsumo subalit nakapagpapababa ng produksyon. Samakatuwid, ang presyo ang tagapagbalanse ng transaksyon sa pamilihan. Kapag may balanse sa pagitan ng iba't ibang mamimimili at nagbibili, mayroon tayong tinatawag na *market equilibrium* o ekwilibriyum sa pamilihan. Ibig sabihin nito ay ibibigay ng prodyuser o suplayer sa konsyumer ang produkto o serbisyo sa presyong katugma ng ibabayad ng mga konsyumer.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Tama o mali. Isulat ang salitang **tama** sa iyong kuwaderno kung tama ang nilalaman ng pangungusap at ang salitang **mali** kung ito naman ay mali.

- _____ 1. Ang sistemang pamilihan ay mekanismo ng pagtugon sa mga tanong na ano at gaano karami, paano at para kanino ang mga produksyon at serbisyong ipoprodyus.
- _____ 2. Posible lamang ang palitan ng produkto kung may nakatayong gusali o palengke.
- _____ 3. Mayroong ekwilibriyo sa merkado o pamilihan kapag ang suplayer lamang ang nagtakda ng presyo at dami ng produktong isusuplay sa mga konsyumer.
- _____ 4. Ang presyo, kapag may ekwilibriyo sa merkado, ay hudyat ng pagkakaroon ng kasunduan sa pagitan ng konsyumer at prodyuser o suplayer hinggil sa halaga ng isang produkto.
- _____ 5. Kahit sa loob ng paaralan ay posibleng magkaroon ng pamilihan.



Tandaan Mo!

- Ang **pamilihan** ay isang mekanismo ng interaksyon ng konsyumer at prodyuser o suplayer upang magtakda ng presyo sa pagpapalitan ng mga produkto at serbisyo.
- Ang **presyo** ay ang halaga ng produkto sa pera.
- Hudyat ang **presyo** ng pagkakasundo sa pagitan konsyumer at prodyuser o suplayer hinggil sa dami at halaga ng produkto o serbisyang pamilihan.
- Ang **ekwilibiyum sa pamilihan** ay senyales ng pagkakaroon ng balanse sa transaksyon sa pagitan ng mg suplayer at prodyuser.



Gawain 3: Paglalapat

Sumama sa pagpunta ng iyong ina sa palengke o kaya'y pumunta kang mag-isa at magmashid sa mga nangyayaring tawaran sa pagitan ng mga mamimili at nagtitinda. Itala mo sa iyong kwaderno ang mga obserbasyon at iyong ilahad kung paanong ang presyo ay pinag-usapan at pinagkasunduan ng iyong ina o ng ibang tao bilang mamimili o konsyumer at ng mga tindero at tindera bilang nagbibili. Paano sumang-ayon sa isa't isa ang mg konsyumer at mga tindero/tindera?

ARALIN 2

ANG PAMILIHAN AT ANG TATLONG PUNDAMENTAL NA TANONG SA EKONOMIKS



Sa naunang aralin, inilarawan natin kung paanong ang presyo ay nakatutulong sa pagbabalanse ng pagkonsumo at produksyon sa isang pamilihan. Ano ang mangyayari kung pagsamasamahin natin ang iba't ibang pamilihan – halimbawa ng baboy, ng bolpen, ng manok, ng paggawa at iba pa? Ang mga pamilihang ito ay sabay-sabay na kikilos upang maitakda ang isang panglahatang ekwilibriyo ng mga presyo at produksyon.

Sa pamamagitan ng transaksyon ng mga konsyumer at prodyuser o suplayer ng produkto o serbisyo sa bawat pamilihan, ang isang *market economy* o ekonomiyang pamilihan ay tumutugon sa mga sumusunod na katanungan:

1. Anong mga produkto at serbisyo ang kailangang iprodyus o gawin at gaano karami?
2. Paano gagawin o ipoprodyus ang mga produkto o serbisyang kailangan?
3. Para kanino ang mga ipoprodyus na produkto o serbisyo?

Ang tatlong katanungang iyan ang sinasagot sa ekonomiks at siya nating susubukang sagutin sa araling ito.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mailalahad kung paanong tinutugunan ng isang pamilihan ang tatlong pundamental na tanong ng ekonomiks;
2. matatalakay ang kahalagahan ng presyo sa pamilihan; at
3. Mailalapat sa sariling interaksyon bilang mamimili at nagbibili ang mga prinsipyo hinggil sa pagtugon ng pamilihan sa mga pundamental na tanong ng ekonomiks.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Kung may naiipon kang pera galling sa iyong *allowance* o alkansiya, ano ang maaari mong pagkakakitaan gamit ang iyong naipon? Ano ang iyong ibebenta at gaano karami ang iyong ipoprodyus? Paano mo ipoprodyus yun, at para kanino? Sa pagsagot ng mga katanungang ito, hindi kailangang magbigay ng konkretong sagot at eksaktong bilang. Ang hinihingi lamang ay maibigay mo ang mga dapat na isalang-alang upang masagot mo ang mga tanong. Matapos mong pag-isipan iyon tingnan mo kung tugma ang iyong mga sagot sa paliwanag na nakasaad sa teksto ng aralin.

Tugon ng Pimilihan sa Tatlong Pangunahing Problema ng Ekonomiks

Paano nga ba tinutugunan ng pamilihan ang tatlong pundamental na tanong ng ekonomiks? Tulad ng nabanggit natin sa panimula ng araling ito, tinutugunan ito ng pamilihan sa pamamagitan ng pagtutugma ng nais at kayang bilhin ng mga konsyumer at dami ng produkto o serbisyong kayang ibenta ng mga nagbibili. Upang maunawaan mo ito ng lubusan, isa-isa nating talakayin ang mga katanungang iyon:

1. Kung ano ang ipoprodyus ay itinatakda ng boto mismo ng mga konsyumer. Boto? Ang boto ng mga konsyumer ay hindi isinasagawa tuwing ikatlo o ikaanim na taon lamang na tulad ng iskedyul ng ating pambansa at lokal na eleksyon. Araw-araw, ang mga konsyumer ay nagsasagawa ng pag-boto o desisyon na may kinalaman sa pagbili ng mga produkto o serbisyo sa pimilihan. Ang mga perang ibinabayad nila sa mga prodyuser ay ginagamit namang pampasuweldo, renta, at dibidendo na siya ring tinatanggap ng mga konsyumer bilang kita o sahod.

Ang pagnanais ng malaking kita sa negosyo ang nagiging motibasyon ng mga kumpanya at negosyante upang magagawa ng produksyon. Ang **kita** ay netong tinatanggap ng prodyuser, o ang diperensya sa pagitan ng kabuuang benta at kabuuang puhunan sa negosyo. Binibitiwan ng kumpanya ang produksyon ng mga kalakal o serbisyo na nagiging dahilan ng kanilang pagkalugi. Nagpoprodyus naman sila ng mga kalakal o produktong may mataas na demand (o marami ang bumibili) dahil nangangahulugan ito ng mas malaking kita.

2. Paano ipoprodyus ang isang produkto, at paano nagkakaroon ng kumpetisyon sa pagitan ng mga prodyuser? Ang pinakamabuting paraan upang makilahok sa kumpetisyon sa presyo ang isang prodyuser ay sa pamamagitan ng paggamit ng isang mahusay na paraan ng produksyon. Maaaring simple lamang ang paraan ng produksyon tulad halimbawa ng paggamit ng lumang makinarya o pagbabago sa timpla ng produkto upang magkaroon ng bentahe at makatipid. Minsan naman ay mga malakihang pagbabago ang kailangan


tulad halimbawa ng paggamit ng eroplano sa halip na tren sa paghahatid o pagbibiyahe ng mga produkto at serbisyo. Nagiging mas mura ito sapagkat higit na kaunti ang oras na kailangan sa pagbibiyahe ng mga produkto. Sa kasalukuyan, nasa gitna tayo ng transisyon patungo sa isang radikal na pagbabago sa pamamagitan ng teknolohiya. Isang magandang halimbawa ay ang halos araw-araw na pagbabago sa paggamit ng *computers*. Karamihan ng gawaing pang-ekonomiks ay naisasagawa na sa pamamagitan ng *computers* gaya ng pagtatala ng mga tuusin at gastusin, pamimili, pagpapadala ng anunsiyo at maginging ang pagbabangko. Sa mga kumpanya, mga *computers* na rin ang nagpapatakbo ng mga makina, kung di man ng buong planta.

3. Para kanino ang mga ipoprodyus na mga produkto at serbisyo? Sino ang consumer na pagbibilhan? Gaano karami ang kailanganng produkto. Ang sagot sa mga iyan ay depende sa suplay at demand sa pamilihan at sa mga kailangang mga salik ng produksyon gaya ng lupa at likas na yaman, lakas paggawa, capital, at entreprenyur. Ang *factor markets* o pamilihan ng mga salik ng produksyon ang nagtatakda ng sahod para sa lakas paggawa, renta o upa para sa lupa at likas na yaman, interes para sa capital, at kita o tubo para sa entreprenyur. Ang isang tao ay maaring kumita mula sa isa o higit pang salik ng produksyon. Kapag pinagsama-sama natin ang lahat ng kita ng isang tao mula sa lahat ng salik ng produksyon na mayroon siya, makakalkula natin ang kanyang kabuuang kita. Ang distribusyon ng kitang ito sa populasyon ay itinatakda ng dami at kalidad ng salik ng produksyon gaya ng oras ng paggawa, lawak ng lupa, at laki ng capital, gayundin ng halaga ng mga salik na ito.

Hindi tamang isipin na ang kita ng isang tao ay repleksyon ng kung paano siya nagtatrabaho, sapagkat mayroong mga taong ang kita ay galing sa mana, swerte gaya ng panalo sa lotto, o di kaya ay sa kalidad ng kasanayang mayroon ang tao. Ang huli ang itinuturing na napakahalaga sa pamilihan. Ang mga taong may maliliit na kita ay karaniwang pinag-iisipang tamad, subalit hindi ito totoo sa karamihan ng sitwasyon. Madalas na ang mababang sahod ay bunga ng mababang kalidad ng edukasyon. Kung magkaminsan, ang

diskriminasyon, at pagtira sa mga lugar na ang trabaho ay kakaunti at mababa ang sahod ay nagiging dahilan din ng mababang kita.

Bilang pagbubuod, unawain mo ang isang dayagram na magpapakita ng relasyon sa pagitan ng iba't ibang elemento ng pamilihan at kung paano sinasagot ng pamilihan ang tatlong pundamental na katanungan sa ekonomiks.pansinin mo ang pakot na daloy ng produksyon at konsumpsyon ng mga produkto at serbisyo sa pagitan ng mga konsyumer (tahanan) at mga prodyuser (kumpanya).





Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Isulat ang salitang **tama** kung tama ang pangungusap at ang salitang **mali** kung mali ang pangungusap.

- _____ 1. Ang mga pangunahing suliranin ng isang ekonomiya ay ano ang ipoprodyus, gaan o karami ang ipoprodyus, paano at para kanino ang ipoprodyus.
- _____ 2. Pamilihan lamang ang sumasagot sa mga nabanggit na katanungan.
- _____ 3. Kaya mayaman ang ibang Pilipino ay dahil lahat sila ay tamad kaya sila ay di kumikita ng sapat.
- _____ 4. Kapag nagkaroon ng ekwilibriyo sa merkado, hindi na magbabago kalianman ang presyo at dami ng produkton ipoprodyus.
- _____ 5. Hindi isinasaalang-alang ng suplayer kahit kailan ang konsyumer. Itatakda na lamang niya ang gusto niyang presyo at dami ng produktong ipoprodyus.



Tandaan Mo!

- Sinasagot ng pamilihan ang tatlong pundamental na tanong ng ekonomiks:
 1. Anong mga produkto o serbisyo ang kailangang likhain o iprodyus at gaano karami?
 2. Paano ipoprodyus ang mga produkto o serbisyong kailangan?
 3. Para kanino ang ipoprodyus na mga produkto?
- Ang produktong ipoprodyus ay depende sa boto ng mamimili – kung ano ang kailangan at kaya nilang bilhin.
- Ang mga prodyuser ay naghahanap ng mga epektibong proseso upang masiguro ang pagkakaroon nila ng kita o tubo mula sa pagbebenta ng produkto o serbisyo.
- Ang daloy ng transaksyon sa pamilihan ay nagpapakita ng paikot na ugnayan bahay-kalakal o kumpanya at tahanan o *household*.



Gawain 3: Paglalapat

Lumalabas sa ating diskusyon na ang kapangyarihang bumili (*purchasing power*) ng mga konsyumer at laki ng kita o tubo ng isang prodyuser ang mga pangunahing konsiderasyon sa pagtugon tatlong pangunahing tanong sa ekonomiks. Tama bang ito ang pangunahing konsiderasyon ng merkado? Ano ang mga posibleng maging kapakinabangan nito sa mga tao at ekonomiyang gaya ng sa atin? Ano rin ang hindi magandang implikasyon nito? Sa palagay mo ay angkop kaya ito sa ating kultura? Hindi kaya ito ay may salungatan na siyang posibleng dahilan kung bakit patuloy na naghihirap ang maraming Pilipino? Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

ARALIN 3

MGA ISTRUKTURA NG PAMILIHAN



Ang mga istrukura ng pamilihan ay kinakatawan ng apat na pangunahing modelo ng pamilihan. Ito ay mga teoretikal na balangkas ng mga establisimyento at industriya sa totoong mundo. Ang mga modelong ito ng pamilihan ay naglalarawan ng mga katangian ng iba't ibang istrukura ng pamilihan. Ngunit may mga negosyo na hindi tumutugma ng eksakto sa mga katangian ng anuman sa mga modelong ating pag-uusapan. Sa madaling salita, ang mga modelong ito ay hindi eksaktong replika ng tunay na buhay. Ngunit ang mga modelong ito ay mahalaga dahil tumutulong ang mga ito sa pag-unawa ng sistemang pamilihan na siyang pangunahing elemento ng ekonomiya na ng maraming bansa kasama na ang Pilipinas.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Masusuri ang katangian ng iba't ibang istrukura ng pamilihan; at
2. Maihahambing ang iba't ibang istrukura ng pamilihan.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Suriin ang mga sumusunod na mga produkto at punan ang talahanayan.

Lagyan ng tsek ang kahon sa ilalim ng katangiang mayroon ang produkto. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong kuwaderno.

Produkto	Walang kapareho o malapit na pamalit sa pamilihan	May iba pang pamalit na produkto sa pamilihan	Isa lamang ang nagbebenta ng ganitong uri ng produkto	May iba pang nagbebenta ng ganitong uri ng produkto
1. Pepsi				
2. Kuryente				
3. Bigas				

Istruktura ng Pamilihan

Ang dami ng indibidwal o kumpanyang nagbibili at ang lawak ng kontrol ng mga kalahok sa pamilihan – namimili at nagbibili – ang mga salik na nagtatakda ng istruktura nito. Ang **perpektong kompetisyon** (*perfect competition*) ang itinuturing na pamantayan ng mga istruktura. Ito ang itinuturing na huwarang istruktura sapagkat sa dami ng bilang ng mga kalahok sa pamilihan at sa di mabilang na dami ng identikal na produkto at serbisyo, wala ni isa mang may kontrol at makapagdidikta ng presyo sa pamilihan.

May tatlong iba pang istruktura sa panig ng suplay: (1) **monopolyo** (*monopoly*); (2) **oligopolyo** (*oligopoly*); at (3) **monopolistikong kumpetisyon** (*monopolistic competition*). Sa panig naman ng demand, tatlong uri din ang istruktura ng pamilihan: (1) **monopsonyo** (*monopsony*); (2) **oligopsonyo** (*oligopsony*); at (3) **monopsonistikong kompetisyon** (*monopsonistic competition*).

Isa-isahin natin ang katangian ng mga ito:

Perpektong Kompetisyon

Ang **perpektong kompetisyon** ay may mga sumusunod na katangian:

1. May malaking bilang ng mga independyenteng nagbebenta o suplayer at malawak na bilang din ng mga bumibili o konsyumer.
2. Ang mga produkto at serbisyo ay magkakapareho o identikal. Halimbawa ay bigas, prutas mais, gulay, at iba pa.
3. Walang isang nagbibili o bumibili ang nakaiimpluwensya sa mga pagbabago sa presyo ng mga produktong nabanggit sa pamilihan. Libu-libo ang nagbebenta sa pamilihan ng iisang uri ng produkto. Libu-libo rin ang bumibili. Dahil dito kapag, may isang suplayer na nagdesisyon na bawasan ang kanilang produksyon, hindi ito makaaapekto sa kabuuang suplay ng nasabing produkto sa pamilihan kahit pa ang reduksyon sa produksyon ng nabanggit na suplayer ay umabot ng 99 na porsyento. Dahil dito, hindi makaaapekto ang reduksyon na ito sa presyo sa pamilihan ng nabanggit na produkto. Kung may suplayer naman na magbaba ng presyo, mabilis na mauubos ang kanyang produkto subalit ang presyo sa buong pamilihan ay mananatili sa dati nitong halaga. Kung ibebenta naman ng isang suplayer ang parehong produkto sa mas mataas na halaga, wala namang bibili dahil ang mga konsyumer ay doon bibili sa mga nagbebenta ng parehong produkto sa mas mababang halaga. Samakatuwid, ng pagtaas o pagbaba ng presyo ay depende sa pagbabago sa kabuuang demand at suplay at hindi sa desisyon lamang ng isa o indibidwal na suplayer o konsyumer.
4. Madali ang pagpasok ng mga bagong suplayer o prodyuser at konsyumer sa ganitong pamilihan, at madali ring makalabas. Walang mga mahalagang balakid dito, legal, pinansyal o teknikal man. Halimbawa, ang isang tintera ng gulay ay malayang makapagbebenta ng gulay sa palengke; kailangan lamang siyang magbayad ng butaw o upa para sa kanyang puwesto. Kung sakali mang ayaw na niyang magtinda, madali rin para sa kanya ang tumigil sa aktibidad na ito. Ang pagpasok at paglabas niya sa pamilihan ay hindi makakaapekto sa kabuuang daloy ng suplay at demand.

- Walang anumang istratehiya sa bentahan sa kompetisyong ito gaya ng pag-aanunso o publisidad (*advertising*) at presentasyon ng produkto maliban sa presyo. Wala nang pangangailanagan para sa mga istratehiyang nabanggit dahil ang mga produkto ay identikal at walang importanteng pagkakaiba. Halimbawa, kahit ang isang suplayer ay magpaanunso ng kanyang panindang prutas, bigas, pechay, repolyo o kamatis, wala itong epekto sa mga mamimili. Binibili rin ito ng mga mamimili kahit sa hindi nagpapanaunsoyong magugustuhan ng mga konsyumer ang presyo.

Iba Pang Istruktura ng Pamilihan sa Panig ng Suplay

Ang paiba-ibang digri ng kontrol sa pamilihan ang lumilikha sa tatlong iba pang istruktura ng pamilihan sa panig ng suplay. Ang tatlong ito, pati na ang perpektong kompetisyon, ay maaring ilagay sa isang *continuum*. Mula sa dulong kanan papunta sa dulong kaliwa, ang bilang ng mga kalahok sa pamilihing ito ay paparami na nagiging dahilan naman ng papahinang kontrol sa merkado (o pamilihan) ng bawat isa. Mula sa dulong kaliwa patungo sa dulong kanan, ang lakas ng kontrol sa merkado ng bawat nagbibili ay tumataas dahil sa mas kakaunting kalahok at kompetitor.



Sa dulong kaliwa ay ang perpektong kompetisyon. Sa dulong kanan ay monopolyo. Ang monopolistikong kompetisyon ay nasa gitna malapit sa perpektong kompetisyon. Ang oligopolyo ay nasa gitna rin ngunit mas malapit sa monopolyo.

Anu-ano nga ba ang mga katangian ng tatlong istruktura ng nakalarawan sa panig ng suplay?

1. **Purong Monopolyo (*Pure Monopoly o Monopoly*)** - ang istruktura ng pamilihan kung saan na iisa lamang ang suplayer o prodyuser na nagbebenta ng mga kakaibang produkto at serbisyo.
2. **Monopolistikong Kumpetisyon (*Monopolistic Competition*)** – ang pamilihang may katamtamang dami ng maliliit na kompetitor (dahil sa mahinang kontrol sa presyo ng produkto) na nagbebenta ng magkakahawig na produkto at serbisyo.
3. **Oligopolyo (*Oligopoly*)** - sa pamilihang ito ay may mangilan-ngilan lamang na suplayer na nagbebenta ng identikal o di kaya ay magkakaibang produkto at serbisyo. Ang ganitong depinisyon ay hindi lubusang kumpleto sapagkat ang oligopolyo ay sumasakop sa higit na malawak na uri ng mga istruktura ng pamilihan kaysa sa iba pang modelo ng pamilihan.

Ang mga istrukturang nabanggit ay mga sumusunod pang karagdagan katangian:

Purong Monopolyo

1. Iisa ang prodyuser o suplayer.
2. Ang mga produkto ay kakaiba dahil wala itong malapit na kapalit o kahawig. Karaniwang ito ay sa mga pampublikong serbisyo o gamit gaya ng tubig at kuryente. (Ang Maynilad at MERALCO ay halimbawa ng monopolyo).
3. Ang monopolista ang nagtatakda ng presyo ng produkto. Dahil sa iisa ang suplayer o prodyuser, maaaring bawasan ng monopolista ang kanyang suplay o produksyon upang itaas ang presyo ng produkto o serbisyong ibinebenta.

Maaari rin niyang itaas ang kanyang suplay o produksyon kung mangangahulugan ito ng mas malaking kita o tubo.

4. Lubhang mahirap para sa mga bagong kompetitor ang pumasok sa ganitong uri ng pamilihan. Nangangailangan ito ng napakalaking kapital at pagharap sa isang napakatinding kompetisyon. Mayroon ding mga natural na monopolyo sa mga produkto o serbisyo na hindi kailangan o makasasama ang pagkakaroon ng kompetisyon. Karamihan ng mga pampublikong serbisyo ay mga natural na monopolyo. Ang mga monopolyong ito ay binibigyan ng mga eksklusibong prankisa ng pamahalaan. Halimbawa, hindi praktikal at kumbinyente ang pagkakaroon ng maraming suplayer ng kuryente sa isang komunidad. Magkakaroon ng sala-salabat na mga kable at sangkaterbang poste.
5. Maaaring mayroon o walang anunsyo ang produkto o serbisyo. Kung mayroon, ito ay upang pagandahin ang imahe ng kumpanya sa publiko at hikayatin ang mga ito na kumunsumo nang mas higit kaysa dati.

Monopolistikong Kompetisyon

1. Malaki ngunit di kalakihan ang bilang ng mga pribadong suplayer o prodyuser. Humigit kumulang ay mga isang daan lamang ang bilang ng mga kalahok sa ganitong uri ng pamilihan di gaya ng sa perpektong kompetisyon na umaabot ng libu-libo.
2. Ang produkto ay may pagkakaiba. Mayroong pagkakaiba sa pisikal na anyo o presentasyon ng produkto, lokasyon ng mga tindahan, anunsyo at istratehiya ng pagbebenta. Halimbawa nito ay ang mga bangko, gamot, at iba pa.
3. Mayroong limitadong kontrol sa presyo ang mga suplayer o prodyuser. Posible para sa ilang nagbibili na gumawa ng minimal na pagbaba o pagtaas ng kanilang presyo dahil sa pagkakaiba ng kanilang mga produkto. Halimbawa, may mga bangkong mas mataas o mababa ang interes sa mga deposito.
4. Ang pagpasok ng mga bagong suplayer o prodyuser ay madali kung ikukumpara sa monopolyo at oligopolyo. Mas mahirap naman kung ikukumpara sa perpektong kompetisyon. Mas malaking kapital ang kailangan at ang kompetisyon ay higit na matindi kung ihahalintulad sa perpektong kompetisyon. Ang mga papasok sa ganitong pamilihan ay kailangang may

kakaibang maiaalok sa kanilang produkto na hindi makikita sa mga nauna, at nangangailangan ng epektibong pamamaraan o estratehiya ng pagbebenta.


5. May agresibong kompetisyon, hindi lamang sa presyo kundi sa iba pang aspeto gaya ng kalidad at presentasyon ng produkto gayundin sa mga lokasyon ng mga tindahan. Mayroon ding malawakang pag-aanunsyo upang mabigyang-diin ang mga kakaibang katangian ng bagong lunsad na produkto.

Oligopolyo

1. Kakaunti ang mga kompetitor na may relatibong pamamayani sa pamilihan. Ang bawat isa ay nagpoprodyus ng malaking bahagi ng kabuuang produksyon ng industriya.
2. Ang mga produkto ay maaaring identikal o pinag-iba.
3. May kasunduan hinggil sa presyo sa pagitan ng mga prodyuser upang masiguro ang kanilang mga pakinabang na ekonomik. Ang pinakamalaking prodyuser ang may pinakamalaking kontrol sa presyo. Bukod sa kasunduan sa presyo, may kasunduan din sa pagitan ng mga oligopolista hinggil sa dami ng suplay partikular na ang pag-iwas sa pagkakaroon ng surplus, upang maiwasan ang pagbagsak ng presyo.
4. Mahirap pumasok ang mga bagong kalahok sa ganitong pamilihan kung ihahalintulad sa monopolistikong at perpektong kompetisyon. Mangangailangan ng napakalaking kapital at paglulunsad ng malakihang produksyon. Matindi ang kompetisyon dahil ang mga naunang kompetitor ay may malalaking puhunan at mapagkukunang-yaman, at mga estabilisado na sa industriyang kinabibilangan.
5. May malawakang pag-aanunsyo o *advertising* sa pagitan mga nagpoprodyus ng mga produktong may pagkakaiba tulad ng kotse o sigarilyo. Ngunit sa kaso ng mga identikal na produkto, ang pag-aanunsyo ay para lamang sa pagpapabuti ng imahe ng mga oligopolista sa publiko.

Iba Pang Istruktura ng Pamilihan sa Panig ng Demand

Karaniwang ang atensyon tuwing pinag-uusapan ang istruktura ng pamilihan ay nasa panig ng suplay. Ngunit ang iba't ibang digri ng kontrol sa panig ng demand ay lumikha rin ng tatlo pang karagdagang istruktura ng pamilihan: (1) **monopsonyo** (*monopsony*); (2) **oligopsonyo** (*oligopsony*); at (3) **monopsonistikong kompetisyon** (*monopsonistic competition*). Ang tatlong istrukturang ito, kabilang na ang perpektong kompetisyon ay maari ring ilagay sa isang *continuum*. Mula sa dulong kanan patungo sa dulong kaliwa, ang bilang ng mga kalahok na kompetitor ay paparami na nagiging dahilan naman ng papahinang kontrol sa pamilihan. Mula sa dulong kaliwa patungo sa dulong kanan, ang kontrol sa pamilihan ng mga kalahok na kompetitor ay papalakas dahil sa papaunting bilang nila.



Sa dulong kaliwa ay ang perpektong kompetisyon. Sa dulong kanan ay matatagpuan naman ang monopsonyo. Ang monopsonistikong kompetisyon naman ay nasa gitna ng *continuum* malapit sa perpektong kompetisyon. Ang oligopsonyo ay nasa gitna ng *continuum* malapit sa monopsonyo.

Anu-ano ang mga katangian ng mga istrukturang ito?

Ang **monopsonyo** ay may iisa lamang mamimili na may kompletong kontrol sa panig ng demand sa pamilihan. Ito ang katumbas ng monopolyo sa panig ng demand.

Sa **monopsonistikong kompetisyon** ay may malaking bilang ng mamimili na may kakaunting kontrol sa pamilihan. Ito ang katumbas ng monopolistikong kompetisyon sa panig ng demand.

Ang **oligopsonyo** naman ay isang istruktura ng pamilihan na may kakaunting bilang ng mamimili kaya may malakas na kontrol sa pamilihan. Ito ang katumbas ng oligopolyo sa panig ng konsyumer o demand.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

I. Punan ang sumusunod na talahanayan:


Panig ng Suplay:

Istruktura ng Pamilihan (1)	Dami ng Kalahok (2)	Digri ng kontrol sa pamilihan ng bawat indibidwal na kalahok (3)	Uri ng Produkto (Identikal o may pagkakaiba) (4)	Dali o Hirap ng Pagpasok sa Pamilihan (5)	Mayroon/Wala (6)
Monopolyo					
Oligopolyo					
Monopolistiko ng Kompetisyon					
Perpektong Kompetisyon					

* Sa ikaanim na kolum, ilagay lamang ang salitang **mayroon**, kung ang sagot mo ay mayroon at ang salitang **wala** kung ang sagot mo ay wala.

II. Punan ang mga blangkong kahon sa tsart:

Panig ng Demand:





Tandaan Mo!

- Ang dami ng indibidwal o kumpanyang nagbibili at ang lawak ng kontrol ng mga kalahok sa pamilihan – namimili at nagbibili – ang mga salik na nagtatakda ng istruktura ng pamilihan.
- Ang **perpektong kompetisyon (perfect competition)** ang itinuturing na pamantayan ng mga istruktura. Ito ang itinuturing na ideyal na istruktura sapagkat walang hangganan ang dami at bilang ng mga kalahok sa aktibidad na ito, gayundin din ang bilang at dami ng mga identikal na produkto at serbisyo. Dahil dito, wala ni isa mang may kontrol at makapagdidikta ng presyo sa pamilihan.
- May tatlo pang ibang alternatibong istruktura ng pamilihan sa panig ng suplay: (1) monopolyo; (2) oligopolyo; at (3) monopolistikong kompetisyon.
- May tatlo ring ibang alternatibong istruktura ng pamilihan sa panig naman ng demand: (1) monopsonyo; (2) oligopsonyo; at (3) monopsonistikong kompetisyon.



Gawain 3: Paglalapat

Sa iyong palagay, alin sa mga istrukturang ating napag-usapan ang magiging mas kapaki-pakinabang paborable sa parehong prodyuser at konsyumer sa mga sumusunod na industriya? Isaalang-alang ang iba't iba pang konsiderasyon bukod sa kita ng prodyuser at ang matitipid ng konsyumer.

1. Bigas
2. Tubig
3. Gasolina



MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- ◆ Ang **pamilihan** ay isang mekanismo ng interaksyon ng mamimili at nagbibili upang magtakda ng presyo sa pagpapalitan ng mga produkto at serbisyo.
- ◆ Sinasagot ng pamilihan ang tatlong pundamental na tanong sa ekonomiks. Ang produktong ipoprodyus ay depende sa boto ng mamimili – kung ano ang nais at binibili ng mga mamimili. Ang mga prodyuser ay naghahanap ng mga epektibong proseso upang masiguro ang pagkakaroon nila ng kita. Ang mga konsyumer na may kapangyarihang bumili (purchasing power) ang target ng mga prodyuser upang masiguro ang kanilang kita.
- ◆ Ang dami ng indibidwal o kumpanyang nagbibili at ang lawak ng kontrol ng mga kalahok – konsyumer at suplayer– sa pamilihan ang mga salik na nagtatakda ng istruktura ng pamilihan.
- ◆ Ang **perpektong kompetisyon** ang itinuturing na huwarang istruktura. Ito ang itinuturing na ideyal na istruktura dahil sa walang hangganan ang dami ng bilang ng mga kalahok sa transaksyon sa pamilihan at sa pagkakaroon ng identikal na produkto at serbisyo. Wala ni isa mang may kontrol at makapagdidikta ng presyo sa pamilihan.
- ◆ Ang **purong monopolyo** ay isang pamilihan na iisa lamang ang suplayer o prodyuser na nagbebenta ng mga kakaibang produkto at serbisyo.
- ◆ Ang **oligopolyo** ay isang pamilihing may mangilan-ngilang suplayer na nagbebenta ng identikal o di kaya ay magkakaibang produkto at serbisyo.
- ◆ Ang pamilihing may katamtaman lamang na dami ng maliliit na kompetitor na nagbebenta ng magkakahawig na produkto at serbisyo ay mayroong **monopolistikong kompetisyon**.
- ◆ Sa istrukturang **monopsonyo** ay may iisa lamang mamimili na may kompletong kontrol sa panig ng demand sa pamilihan.
- ◆ Sa **monopsonistikong kompetisyon** ay may malaking bilang ng mamimili na may kakaunting kontrol sa pamilihan.
- ◆ Ang **oligopsonyo** naman ay isang istruktura ng pamilihan na may kakaunting bilang ng mamimili kayat may malakas na kontrol sa pamilihan ang mga konsyumer na ito.



PANGHULING PAGSUSULIT

Panuto: Punan ang mga sumusunod:

1. Ang pamilihan ay:

- a. isang lugar o gusali lamang na dapat puntahan upang makapamili.
- b. isang mekanismo ng interaksyon ng mamimili at nagbibili upang magpalitan ng produkto sa itinakdang presyo.
- c. pinaglalagakan ng mga surplus na produkto.
- d. lugar na pinagdadalhan ng mga gulay, bigay at iba pang pagkain.

(2–9) Karaniwang hinahati ang merkado o pamilihan sa apat na kategorya o istruktura sa panig ng suplay. Ayon sa tumataas na order ng pagiging kompetitib ito ay mga sumusunod:

- a. Monopolyo
- b. Oligopolyo
- c. Monopolistikong Kompetisyon
- d. Perpektong Kompetisyon

Mga tanong: Pumili ng sagot sa itaas at isulat ang titik ng iyong sagot sa patlang.

Saan sa apat na nabanggit sa itaas pumapatak ang mga sumusunod na katangian:

1. Malayang-malayang makapapasok ang mga bagong suplayer o prodyuser sa merkado. _____
2. Ang mga prodyuser ay nagpoprodyus ng maraming identikal na mga produkto.

3. Iisa lamang ang nagbibili at may kakayanang magdikta ng presyo sa industriya.

4. Saan sa apat na naunang nabanggit na mga istruktura mo tutugma ang mga sumusunod na industriya?
5. Mga bangko _____
6. Suplayer ng kuryente _____
7. Suplayer ng tubig _____

8. Suplayer ng pechay _____

9. Petron _____

(10-19) Alin sa mga sumusunod ang katangian ng oligopolyo? Piliin kung oo o hindi ang iyong kasagutan. Bilugan ang iyong sagot.

- | | |
|--|----------|
| 1. Kakaunti ang mga kalahok at may relatibong impluwensya ang bawat isa sa industriya. | Oo/Hindi |
| 2. Kakaunti lamang, kung meron man, ang mga balakid para sa pagpasok ng mga bagong suplayer at prodyuser. | Oo/Hindi |
| 3. Ang mga oligopolista ay nagpoprodyus ng identikal may pinag-ibang mga produkto at serbisyo | Oo/Hindi |
| 4. Ang mga sumusunod ay iba pang istruktura ng pamilihan: monopsonyo, monopsonistikong kompetisyon, at oligopsonyo. Ang mga nabanggit ay batay sa panig ng:
a. suplay b. kosyumer c. prodyuser d. demand | |
| 5. Ang MERALCO ay isang monopsonista. | Oo/Hindi |
| 6. Ang Maynilad ay isang monopolyo. | Oo/Hindi |
| 7. Ang Shell ay isang monopolistikong kompetitor. | Oo/Hindi |
| 8. Ang Coca-Cola ay isang perpektong kompetitor. | Oo/Hindi |
| 9. Ang SMART Communications ay oligopolista. | Oo/Hindi |
| 10. Sa isang sistemang pamilihan, gaya ng Pilipinas, ang suliranin ng produksyon, distribusyon at konsumpsyon ay dinedesisyunan ng napakaraming tao, bilang indibidwal o bilang kabahagi ng isang grupo. | Oo/Hindi |
| 11. Ang dami ng produkto na pinoprodyus sa isang pamilihan may ekwilibriyo ay tanda na may kasunduan na sa pagitan ng bumibili at nagbibili hinggil sa pesyo at dami na handlang bilhin ng konsyumer at ipagbili ng prodyuser. | Oo/Hindi |



GABAY SA PAGWAWASTO

PANIMULANG PAGSUSULIT

1. C	6. A	11.A	16.C
2. A	7. A	12.D	17.C
3. B	8. C	13.A	18.B
4. A	9. B	14.A	19.D
5. D	10.D	15.D	20.A

ARALIN 1 ANG KONSEPTO NG PAMILIHAN

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Ang kasagutan ay base sa naging resulta ng iyong panayam.

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

1. tama
2. mali
3. mali
4. tama
5. tama

Gawain 3: Paglalapat

Ang angkop na kasagutan ay nakasalalay sa iyong mga naitalang obserbasyon. Ikumpara ito sa iyong napag-aralan sa araling ito at isangguni sa gurong tagapamahala.

ARALIN 2 PAANO SINASAGOT NG PAMILIHAN NG TATLONG PUNDAMENTAL NA TANONG SA EKONOMIKS

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Ipatsek at isangguni ang iyong kasagutan sa gurong tagapamahala ng modyul.

Gawain 2: Pagpapalalin ng Kaalaman

1. tama
2. mali
3. mali
4. mali
5. mali

Gawain 3: Paglalapat

Hindi palaging tama na ang kapakanan lamang ng mga prodyuser at mga makapangyarihang konsyumer ang konsiderasyon sa pagbebenta at pagpepresyo ng mga bilihin. Nararapat ding tingnan kung paano mapaparating sa mga mahihirap ang kanilang mga pangangailangan sa presyong kay nila.

ARALIN 3 IBA'T IBANG ISTRUKTURA NG PAMILIHAN

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Produkto	Walang kapareho o malapit na pamalit sa pamilihan	May iba pang pamalit na produkto sa pamilihan	Isa lamang ang nagsusuplay ng ganitong uri ng produkto	May iba pang nagbebenta ng ganitong uri ng produkto
1. Pepsi		/		/
2. Kuryente	/		/	
3. Bigas		/		/

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Mga tamang sagot:

I. Panig ng Suplay

Istruktura ng Pamilihan	Dami ng Kalahok	Digri ng kontrol sa pamilihan ng bawat indibidwal na kalahok	Uri ng Produkto (Identikal o may pagkakaiba)	Dali o Hirap ng Pagpasok sa Pamilihan
(1)	(2)	(3)	(4)	(5)
Monopolyo	Isa	May kontrol sa pagdidikta ng presyo at dami ng produkto o serbisyo	Kakaiba (Walang malapit na kahalili)	Mahirap
Oligopolyo	Mangilan-ngilan	May relatibong impluwensya sa pagdidikta ng presyo at dami ng produkto o serbisyo dahil sa sabwatan o kartel	Identikal o pinag-iba (kakaunti ngunit magkakaugnay ang produktong ipinagbibili)	Mas madali kumpara sa monopolyo ngunit mas mahirap kumpara sa monopolistikon g kompetisyon at perpektong kompetisyon
Monopolistiko ng Kompetisyon	Marami (higit kumulang isang daan)	Napakahina ng kontrol sa presyo	Pinag-iba ang produkto (dahil sa brand o tatak)	Madaling pumasok at lumabas sa industriya
Perpektong Kompetisyon	Lubhang Marami (libo)	Walang kontrol sa presyo	Identikal ang produkto	Pinakamadaling pumasok sa industriya

II. Panig ng Demand

1. Walang indibidwal na may impluwensya sa pamilihan.
2. Marami ang kalahok na mamimili (mas kaunti kumpara sa isang perpektong kompetisyon)
3. Mahinang impluwensya sa pamilihan.
4. Mangilan-ngilang bilang ng kalahok.
5. Naididikta ng monopolista ang presyo at dami sa pamilihan.

Gawain 3: Paglalapat

Ang kaangkupan ng iyong paliwanag ay batay sa iyong sariling pananaw. Ipatsek sa gurong tagapamahala ng modyul na ito ang iyong paliwanag.

PANGHULING PAGSUSULIT

1. B
2. D
3. D
4. A
5. C
6. A
7. A
8. D
9. B
- 10.oo
- 11.hindi
- 12.oo
- 13.d
- 14.oo
- 15.oo
- 16.hindi
- 17.hindi
- 18.oo
- 19.oo
- 20.oo